SHORELINE
PUBLIC SCHOOLS

Abiso ng Pag-Opt-Out sa FERPA

Hinihingi ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA), sa mga Pampublikong Paaralan ng Shoreline, nang may mga partikular na eksepsyon, na kunin ang inyong nauunang nakasulat na pahintulot para sa pagsisiwalat ng impormasyon mula sa mga talaan ng edukasyon ng inyong anak. Gayunpaman, **maaaring isiwalat ng mga Pampublikong Paaralan ng Shoreline ang angkop na naitalagang "impormasyon sa direktoryo" nang walang nakasulat na pahintulot, maliban kung hihingi kayo at magsusumite ng Form para sa Pag-Opt-Out sa FERPA sa paaralan ng inyong anak** . Ang form ay makukuha sa opisina ng bawat paaralan.

Ang impormasyon sa direktoryo ay tinutukoy bilang ang: pangalan, larawan, imahe sa video, address, numero ng telepono, email address, petsa at lugar ng kapanganakan, mga petsa ng pagpasok sa paaralan, pakikilahok sa mga opisyal na kinikilalang aktibidad at sports, timbang at taas ng mga miyembro ng mga koponang pang-atletika, mga diploma at gantimpalang natanggap ng inyong anak at ang pinakahuling pinasukang paaralan.

Nasa ibaba ang isang listahan ng mga kategorya kung saan maaari ninyong higpitan ang paglalabas ng impormasyon sa pamamagitan ng pagsusumite ng Form para sa Pag-Opt-Out sa FERPA, na makukuha sa opisina ng bawat paaralan:

Impormasyon sa Direktoryo para sa mga Publikasyon ng Paaralan, mga Imahe at News Media

Ipinagmamalaki ng mga Pampublikong Paaralan ng Shoreline ang aming mga estudyante, kawani at maraming matagumpay na programa. Paminsan-minsan, ang mga estudyante ay maaaring matukoy, makuhanan ng larawan at/o ma-videotape para sa **mga yearbook ng paaralan, mga pahayagan ng paaralan, mga video, mga webpage, social media, o sa lokal na news media**. Maaari kayong mag-opt-out sa paglalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito sa pamamagitan ng paghingi at pagsusumite ng isang Form para sa Pag-Opt-Out sa FERPA sa paaralan ng inyong anak.

Impormasyon sa Direktoryo para sa mga PTA/PTSA na Organisasyon ng Paaralan

Minsan ay humihingi ang mga Samahan ng Estudyante Magulang Guro sa Paaralan ng impormasyon ng estudyante sa direktoryo para sa mga direktoryo ng PTSA at sulat sa koreo hinggil sa pagiging miyembro, mga pagpupulong, kaganapan at aktibidad. Maaari kayong mag-opt-out sa paglalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito sa pamamagitan ng paghingi at pagsusumite ng isang Form para sa Pag-Opt-Out sa FERPA sa paaralan ng inyong anak.

Impormasyon sa Direktoryo para sa mga Pang-edukasyong Institusyon at Organisasyon

Ang kolehiyo, mga paaralang pambokasyonal/teknikal, mga programang scholarship at mga iba pa na pang-edukasyong organisasyon ay humihingi minsan ng impormasyon sa direktoryo upang magpadala ng impormasyon tungkol sa kanilang mga programa, pagkakataon at serbisyo. Maaari kayong mag-opt-out sa paglalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito sa pamamagitan ng paghingi at pagsusumite ng isang Form para sa Pag-Opt-Out sa FERPA sa paaralan ng inyong anak.

Impormasyon sa Direktoryo para sa Militar ng U.S. (High School Lamang)

Iniaatas ng pederal na batas na ilabas ng mga high school ang impormasyong pangkontak sa bahay para sa lahat ng mga estudyante sa high school sa mga recruiter ng militar maliban kung hindi pahihintulutan ng mga magulang/tagapag-alaga ang paglalabas ng impormasyong ito. Maaari kayong mag-opt out sa paglalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito sa pamamagitan ng paghingi at pagsusumite ng isang Form para sa Pag-Opt-Out sa FERPA sa paaralan ng inyong anak.

Impormasyon sa Direktoryo para sa mga Nakakontratang Vendor na Sumusuporta sa mga Aktibidad ng Senior (High School Lamang)

Ang impormasyon sa direktoryo ay maaaring ibahagi sa mga vendor na kinokontrata ng mga high school upang suportahan ang mga aktibidad na tulad ng: mga cap, gown, singsing, mga larawan ng senior, mga

senior spree, atbp. Maaari kayong mag-opt-out sa paglalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito sa pamamagitan ng paghingi at pagsusumite ng isang Form para sa Pag-Opt-Out sa FERPA sa paaralan ng inyong anak.

Impormasyong Pangkontak sa Direktoryo para sa Lahat ng Layunin

Maaari niyo ring hingin na ang impormasyong pangkontak sa inyo na nasa direktoryo (address, numero ng telepono at email) ay mapanatiling kompidensiyal at hindi mailathala o maibahagi para sa anumang layunin. Maaari kayong mag-opt-out sa paglalabas ng impormasyong ito para sa layuning ito sa pamamagitan ng paghingi at pagsusumite ng isang Form para sa Pag-Opt-Out sa FERPA sa paaralan ng inyong anak.